The World Health Organization (WHO) global malaria report said the Western Pacific Region had an estimated 1.7 million cases in 2019 with, 52 percent reduction in the number of deaths in about two decades.

The Philippines has also significantly reduced the incidence of malaria by 87 percent – from 48,569 in 2003 to 6,120 cases in 2020 – and has also reported a 98 percent reduction in the number of mortality due to malaria (from 162 deaths in 2003 to three deaths in 2020).

Along with this is the shrinking geographic extent of malaria, with 60 provinces officially declared by the DOH as malaria-free, and an additional 19 provinces having reached malaria elimination phase with zero local transmission, waiting to be assessed and declared malaria-free provinces.

At the end of 2020, only 126 villages from two provinces have recorded local malaria transmission.

Digital tools

Celebrating World Malaria Day 2021 with the theme "Reaching the Zero Malaria Target", DOH, with the support of Pilipinas Shell Foundation Inc. and WHO Philippines, is also launching new digital tools that will complement the malaria elimination strategy.

One of these is the Malaria Program website which will serve as a knowledge platform and will be publicly available.

Another tool is the Online Malaria Information System, a web-based, real-time recording and reporting system which shall be the main data generating tool for surveillance, and for monitoring and evaluation.

"The Covid-19 pandemic may have impacted the delivery of services under our malaria elimination program, but this will not deter us from our vision of a malaria-free country. We, at the Department of Health, reaffirm our commitment to eradicate malaria. I also urge everyone and every local government unit to continue your fight against malaria through preventive and case management measures," DOH Secretary Francisco Duque III said. ***(PR)***

# Expect recovery of coconut industry in coming years: agri chief

**MANILA** – The Department of Agriculture (DA) is eyeing to reap the fruits of its efforts toward revitalizing the coconut industry in the coming years.

In the last decade, DA Secretary William Dar said the coconut sector's contribution to agricultural gross value added (GVA) remained at an average of 4 percent.

With the newly reconstituted Philippine Coconut Authority (PCA), bigger things are expected.

"We expect a dramatic rebound of the subsector in the next few years due to the release of the coconut levy fund by the President," Dar said in his speech at the Department of Finance's Sulong Pilipinas virtual conference on Monday.

The DA-PCA formulates a development plant for the industry that aims to increase the subsector's contribution to agricultural GVA significantly.

DA data showed that coconut planted on more than three million hectares contributed at least 10 percent to GVA, surpassing banana that is planted on 200,000 hectares only.

"Coconut is a top Philippine export that brings in considerable foreign exchange. Besides, we now have substantial budgetary resources to develop this sleeping giant, thanks to the passage of the Coconut Farmers and Industry Trust Fund Law or Republic Act (RA) No. 11524," Dar added.

Coconut levy

President Rodrigo Duterte signed RA 11524 in February, a legislation creating a trust fund for the coconut industry and its workers using recovered coco levy assets, which were declared state-owned by the Supreme Court less than 10 years ago.

The new law mandates the PCA to craft the Coconut Farmers and Industry Development Plan that will set the directions and policies for the development and rehabilitation of the industry within 50 years.

Performance Governance System

Meanwhile, DA-PCA Administrator Benjamin Madrigal, Jr. also shared in an online forum Monday that they have already submitted the Initiation Stage of the Performance Governance System (PGS).

"The DA-PCA uses the PGS to effectively take its course in refocusing its strategic direction, especially with respect to the implementation of the provisions of the RA 11524," he said.

The PGS is a strategic planning and management tool which translates the vision of an organization into specific, quantifiable, and time-bound strategies and commitments.

It consists of four stages: initiation, compliance, proficiency, and institutionalization.

The DA-PCA said it will proceed to conduct the cascading of the strategy to all its units and personnel through the Strategic Performance Management System, in preparation for its next revalida for the PGS compliant stage, targeted by December 2021, to coincide with the conduct of its Annual Strategy Review.

"Grounded on our core values – commitment, honesty, and competence, the DA-PCA continues to fully commit to this transformation agenda, to achieve our vision to be a globally-recognized institution, championing a market-driven coconut industry – which is ultimately for our coconut farmers and their families, to enable them to directly benefit from a competitive and sustainable coconut industry," Madrigal said.

On April 23, the DA-PCA was conferred with the Silver Trailblazer Award by the Institute for Solidarity in Asia (ISA).

The DA-PCA started to enroll in ISA's PGS in 2020 in anticipation of the duties and responsibilities entailed by the passage of RA 11524.

"The conferment of this award by the ISA is a significant milestone in our continuing commitment to institutionally transform the Authority, serving as an inspiration and motivation for the DA-PCA to undergo subsequent revalida in our bid for the institutionalization of the PGS," Madrigal said. ***(PNA)***

# KELOT, KULONG DAHIL SA POLICE CLEARANCE

**HINDI na nagawang makakuha ng police clearance ang 18-anyos na lalaki sa halip ay diretso sa kulungan nang nadiskubreng mayroon itong kinakaharap na kaso sa Rosario, Cavite.**

Kinilala ang inarestong suspek na si Kennedy San Jose, may live-in partner, ng San Roque St., Brgy Sapa 3, Rosario.

Sa ulat ng Rosario Police Station, dakong ala-1:45 ng hapon ay nagtungo si San Jose sa himpilan ng pulisya upang kumuha ng police clearance para sa inaaplayang trabaho.

Pero habang biniberika ang pangalan sa e-warrant system ay lumabas na may nakabinbin na standing warrant of arrest sa kasong Theft na inisyu ng Regional Trial Court Branch 61 ng Gumaca, Quezon at may piyansang nagkakahalaga ng P10,000, dahilan ng kanyang pagkakaaresto. ***GENE ADSUARA***

# 3 katao, nasilo sa 'bato'

**TINATAYANG** mahigit sa 70 milyon halaga ng shabu ang nasamsam at pagkakaaresto sa tatlong katao kabilang ang isang miembro ng sindikato na nagsusuplay ng droga sa iba't ibang lugar sa isinagawang buy bust operation sa Dasmarinas City, Cavite.

Kinilala ng pulisya ang mga naarestong suspek na sina Michael Lucas, alias Boy Muslim, 35, ng Moab St., Town and Country Homes Subd., Brgy Burol 1, Dasmariñas City; Mila Acebuche, alias Mila, 51, manikurista; at Mercy Sabolao, alias Mercy, 57, balo, ng Camarin, Caloocan City.

Sa ulat ng Dasmarinas City Police Station (CPS), dakong alas-10:00 ng gabi ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng PNP Drug Enforcement Group (DEG) at Dasmarinas CPS sa Block 25, Lot12, Moab St., Town and Country Homes Subd., Brgy Burol 1, na nagresulta sa pagkakaaresto kay alias Boy Muslim at pagkakarekober ng tinatayang 10 kilo ng hinihinalang shabu na may street value na P70 milyon; 3 digital scale at mga Identification Cards.

Tinatayang mahigit sa kalahating milyon naman ang nasamsam sa dalawang kababaihan nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga element ng Bacoor DEG at PDEAS sa CPS sa Molino Boulevard Brgy. Talaba IV, Bacoor City dakong alas-2:00 Lunes ng hapon na nagresulta sa pagkakaaresto kina Acebuchce at Sabolao.

Narekober sa kanila ang tinatayang 100 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P680,000, buy bust money at cellphone.

Ayon sa impormasyon, si alias Boy Muslim ang miembro ng isang sindikato ng droga na nagsu-suplay sa Region 3, National Capital Region, Mindanao at malalapit na probinsiya kung saan tinatayang 10 hanggang 15 kilo ng shabu ang kanyang ibinabagsak sa lugar.

Sinasabing kinukuha ni Boy Muslim ang mga suplay ng droga sa isang Chinese national na kasalukuyang nakadetine sa Muntinlupa na idinidelber sa kanya ng isa pang kasamahan ng naturang Chinese national. ***GENE ADSUARA***

# SC ruling on Mandanas-Garcia petitions, a call to align local to national objectives

**CITY OF SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** -- The Supreme Court's ruling on the Mandanas-Garcia petitions rings the bell for local government units (LGUs) to revisit their programs and align them to the national government's objectives for the attainment of the Philippine Development Plan (PDP).

Vice Mayors' League of the Philippines-Pampanga Chapter President and Floridablanca Vice Mayor Michael Galang pressed the need to conduct orientations and capacity-building activities to LGU officials to anchor their objectives to national or regional development programs in the coming years.

"Higher funds means more ways for public service. Still, the bottom line is our decision-makers, our local chief executives, our vice mayors, and councilors. How equipped are they, or how familiar are they in the PDP? How do we orient them and how do we maximize the utilization of additional resources that they will receive?," he said during the Virtual Caravan for the Updated 2017-2022 PDP.

He asserted that LGU's lack of familiarity with the implementation, particularly on the fund utilization is one issue that might hamper the implementation of the high court ruling.

In addition, as a representative from the LGUs, Galang underscored it is important that projects inserted by legislators should be anchored in the local plans to avoid disapproval.

"Sometimes, a project will be funded, but there is no thorough study in the local, and when it is implemented, we will see that there are problems. That is why the linkage of the national and local government is a big way for them to be mutual in the implementation of the programs," he stated.

The official also suggested that local policymakers should adhere to the implementation of the Republic Act 10587 which recognizes the importance of environmental planning in nation-building and development.

Moreover, Galang recommended a more stringent means in the monitoring of the outcomes of local plans with the creation of additional plantilla positions for technical manpower such as social workers.

"If the decision-makers in the LGUs are not that knowledgeable when it comes to planning, this only becomes compliance to them. It is important to have a mechanism if the plans adopted by the LGUs contribute to the bigger picture which is the PDP," he said.

Also, another recommendation pertaining to the achievement of the PDP is the promotion of participatory governance so that the concerned sectors could give their feedback for the adaption of sound and efficient policies.

"As a government official, I say that the participation of our people is not that strong maybe because they do not understand the responsibility of each office in the LGU. A simple Juan Dela Cruz, I don't know if he knows the three branches of the government, and how these operate in the LGU. The people themselves are struggling to understand what is the kind of the government they have," he emphasized.

Lastly, Galang suggested the inclusion of a Citizenship Education curriculum in junior and senior high schools so that the youth will understand their roles in the community.

Supreme Court's ruling on the Mandanas-Garcia petitions is expected to create a balloon of 27.66 percent or more than Php234.4 billion in the internal revenue allotment of the LGUs in 2022 from estate tax, documentary stamp tax, travel tax, sin tax, and other taxes collected by the national government, aside from the Bureau of Internal Revenue collections.

It will create a full devolution of power to the LGUs by passing them the management and budget on the services for health, agriculture, community-based forestry, social welfare, tourism, housing, investment support, solid waste management, and other frontline services. ***(CLJD/JLDC-PIA 3)***




# GOLD RUSH VS CLUB HAVANA

Marami sa atin ang nakasaksi sa pagkapanalo ng kabayong si Gold Rush sa katatapos na PHILRACOM 3YO Maiden Trial Race na ginanap sa karerahan ng Metro Manila Turf Club sa Malvar-Tanauan Batangas noong Marso 14, 2021. Si Gold Rush ay sinakyan ng class A na hineteng si Jessie Basilio Guce at pagmamay-ari ni AR Santos/MS Cunanan. Sa simula pa lang ng labanan paglabas ng starting gate ay agad na kinuha ng numero 4 na si Gold Rush ang unahan, habang sinundan naman kaagad ng numero 2 na si War Cannon sakay ng hineteng si Kelvin Abobo, nasa ikatlong puwesto naman ang kanyang kacouple runner na si Kain Touch Me na nirendahan ng hineteng si John Alvin Guce, pang-apat si Moment Of Truth na ginabayan ng hineteng si John Paul Guce, panglima ang kabayong si Club Havana na pinatungan ng hineteng si Daniel L. Camanero, pang-anim si Bomod- Ok Falls na sinakyan ni Mark Angelo Alvarez, pangpito si Impressive Victory na dinala ng hineteng si CP Henson, habang ang kabayong si Roll Da Dice na sinakyan ni Patricio Ramos Dilema ang nasa hulihan bago sumapit ng far turn. Mapapansin naman na talagang si Gold Rush ay isang sprinter na kabayo at ang hinete na si Jessie B. Guce ay nakapirmis lang at parenda renda lang sa ibabaw nito. Ngunit pagdating sa huling kurbada o final turn ng karera ay biglang nagparamdam si Club Havana sakay si Daniel L. Camanero sa gawing labas at nasa ikatlong puwesto naman sa tabing balya si War Cannon ni Kelvin Abobo ngunit nag dire-diretso pa rin ang mabilis na pagtakbo ni Gold Rush at tumawid sa meta ng may isang kabayong agwat laban sa nasegundo na si Club Havana, tersero si War Cannon at kuarto si Bomod-Ok Falls. Si Gold Rush ay nakapag rehistro ng tiyempong 1:27.6 (13'-23'-24'-26) para sa distansiyang 1,400 meters. Kung ating sisilipin at dikit lang ang naging pruwebang naitala nila Gold Rush at Club Havana. Si Club Havana ay nakagawa ng tiyempong halos kaparehas ni Gold Rush. Kung si Gold Rush ay mayroong 1:27.6 sa 1,400 meters, si Club Havana naman ay mayroong 1:27.8 sa 1,400 meters. Halos .2 milliseconds lang ang lamang ni Gold Rush kay Club Havana. Kaya inaasahan na magiging maganda ang kanilang labanan sa nalalapit na 2021 PHILRACOM 1st Leg 3YO Maiden Stakes Race. Silipin na rin natin ang kanilang naging pruweba sa kanilang novatos run. Si Gold Rush ay tumakbo sa novatos noong Pebrero 17,2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park sa Carmona Cavite. Siya ay muling sinakyan ng hineteng si Jessie Basilio Guce at nakapag rehistro ng tiyempong 1:24.8 (07'-24'-26-27) para sa distansiyang 1,300 meters. Si Gold Rush ay nanalo ng halos limang kabayong agwat laban sa nasegundo na si Magistrale. Si Club Havana naman ay tumakbo sa novatos noong Pebrero 27,2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park sa Carmona, Cavite. Siya ay sinakyan ng hineteng si JL Paano at nakapag rehistro ng tiyempong 1:26.2 (07'-23'-26'-29) para sa distansiyang 1,300 meters. Si Club Havana ay sumegundo lamang sa karerang ito laban sa nagwaging kabayo na si Forbidden City. Ano sa tingin niyo bayang karerista sila Gold Rush at Club Havana lang ba ang magbibigay ng magandang laban sa paparating na 2021 PHILRACOM 1st Leg 3YO Maiden Stakes Race o mabubulaga tayo ng mga dehadong kalahok??? Abangan..

# Customs NAIA undergoes IQA

THE Bureau of Customs (BOC) - Port of NAIA underwent the Internal Quality Audit (IQA) Stage 1 last April 20 to 21, 2021, in preparation for the International Organization for Standardization (ISO) certification.

During the opening conference, MGen. Leandro Loyao III, Interim Internal Quality Management System Office (IIQMSO) Head, discussed the overview of the internal audit process and its importance to provide additional support in strengthening the policies and principles that the port of NAIA started towards the port's ISO certification journey.

District Collector Carmelita M. Talusan also expressed her support to the audit making it one of the port's priorities to be ISO-certified and to continue its innovation drive, and that all findings will be complied within the period prescribed by the Internal Quality Audit (IQA) team.

In compliance with the 10-Point Priority Program of Commissioner Rey Leonardo Guerrero, the Port of NAIA, with the efforts of the men and women of the Port to bring out the best practices and customs finest standards, endeavors to qualify and be recommended for the next phase, which is the external audit, as a prelude to achieve International Organization for Standardization (ISO) 9001:2015 Certification. ***PR***

# Malalim na unawaang Pilipino, Amerikano aral ng Labanan sa Quingua

**PLARIDEL, Bulacan (PIA) -- Dapat mas maiposisyon ang aral ng naging Labanan sa Quingua sa lalong malalim na unawaan at ugnayan ng mga Pilipino at mga Amerikano at sa kasalukuyang relasyon ng dalawang bansa.**

Sa ginanap na webinar sa Pagbabalik-Tanaw sa Labanang Pilipino-Amerikano na inorganisa ng Museo ng Kasaysayang Pampulitika ng Pilipinas ng National Historical Commission of the Philippines o NHCP, sinabi ng historyador na si Jaime Veneracion na dalawang perspektibo ang dapat na maintindihan kapag pinag-aaralan ang naging Labanan sa Quingua na bahagi ng Philippine American War ng 1899-1902.

Sa isang perspektibo aniya ng mga Amerikano, mas kinikilala ang petsang Abril 23, 1899 bilang araw ng kabayanihan ni Col. John Stotsenburg na isa sa mga pinuno ng mga tropang Amerikano na nakalaban ng pwersa ng mga Pilipino. Habang ang isa pang perspektibo ay ang pagpaparangal ng mga Pilipino sa kabayanihan ng mga Pilipinong lumaban sa kanila.

Katunayan, ang Amerika ang bumili ng lupa para paglagakan ng dambana sa karangalan ni Stotsenburg noong 1910s na ngayo'y matatagpuan sa barangay Agnaya sa Plaridel. Ang Quingua ay dating pangalan ng ngayo'y bayan ng Plaridel.

Mga bandang 1989, nagsimula nang mabago ang pagtingin tungkol sa Labanan sa Quingua.

Isinulong ng mga Pilipinong makabayan na mas angkop kilalanin at dakilain sa petsang ito ang mga tropang Pilipino na nakipaglaban, kaysa sa nilabanan at napatay na mananakop na Amerikano.

Dahil dito, sa nakalipas na mga dekada ay tinawag nang Battle of Quingua Shrine ang nasabing dambana sa halip na Stotsenburg Shrine.

Ayon sa mga batayang pangkasaysayan ng NHCP, sa lugar na ito noong Abril 23, 1899, nagkasagupa ng mga tropang Pilipino sa pamumuno ni Col. Pablo Tecson na isang rebolusyonaryong taga-San Miguel, Bulacan, ang iba't ibang tropa ng mga Amerikano.

Kabilang dito ang American Cavalry na pinamumunuan ni Major Franklin Bell, 1st Nebraskans Infantry sa ilalim ni Col. Stotsenburg, 51st Iowa Infantry ni Irving Hale at ilang mula sa Utah Battery Artillery. Sa nasabing labanan, napatay ng mga tropang Pilipino si Col. Stotsenburg na nagresulta sa hindi kaagad na pagkakasakop ng mga Amerikano sa Bulacan.

Kaugnay nito, sinabi ni Veneracion na sa kabila na magkaiba ang kinikilalang bayani sa perspektibo ng mga Amerikano at iba sa perspektibo ng mga Pilipino, dito pumapasok na dapat mas lalong pag-ibayuhin ang unawaan lalo na sa makabagong panahon at antas ng relasyon ng Pilipinas at Amerika.

Sinabi naman ni Antonia Jimenez, kurador ng Museo ng Kasaysayang Pampulitika ng Pilipinas ng NHCP, ang tunay na kabayanihan ay hindi lamang sa nasusukat sa pagkapanalo sa pakikipaglaban kundi maging sa pagkatalo. Sapagkat ang katatagan, katapangan at pagkamatay dahil sa pagtatanggol sa bayan ay isa nang kabayanihan.

Sinasagisag din aniya ng mga bantayog at dambana para sa Labanan sa Quingua na kapwa may pagpapahalaga sa kasaysayan ang mga Pilipino at mga Amerikano. ***(CLJD/SFV-PIA 3)***

# Mga magniniyog sa Palawan, tumanggap ng subsidiya mula DA at PCA

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA)** -- Nasa 151 magniniyog mula sa iba't-ibang barangay ng Munisipyo ng Balabac ang nakatanggap ng kanilang 1st tranche cash subsidy mula sa Department of Agriculture (DA) at Philippine Coconut Authority (PCA) kamakailan.

Ang programang ito ay sa pamamagitan ng Cash and Food Subsidy for Marginalized Farmers and Fisherfolks (CFSMFF) para sa mga maliliit na magniniyog na naapektuhan ng pandemya lalo na ang mga nasa islang munisipyo sa lalawigan.

Ang mga benepisyaryong magniniyog ay nakatanggap ng QR code na maari nilang palitan sa M Lhuiler. Pinangunahan ni PCA Agriculturist Gerald N. Belmonte ang pamamahagi ng ayuda, katuwang ang lokal ng pamahalaan ng Balabac.

Samantala, noong Abril 20 ay umaabot naman sa kabuuhang 573 CFSMFF QR Codes na nagkakahalaga ng P2,865,000 o P5,000 kada magniniyog ang naipamahagi sa mga bayan ng Sofronio Española na may 44 benepisyaryo, Narra, 220 benepisyaryo at Bataraza na mayroon namang 309 benepisyaryo.

Ang subsidiyang ipinamahagi sa mga munisipyong nabanggit ay para naman sa kanilang 2nd at 3rd tranche ng CFSMFF. Ang pamamahagi nito ay pinangunahan naman nina PCA Division Chief Raul Aguilar at Senior Agriculturist Arlo Solano.

Kasabay ng pamimigay ng ayuda ay ang pagtatala ng mga magniniyog sa National Coconut Farmers Registry System (NCFRS). Ang NCFRS ay ang opisyal na talaan ng pamahalaan upang mabigyan ng pagkakakilanlan ang mga magniniyog na Pilipino, na ginagamit na batayan sa implementasyon ng mga programa at proyekto nito.

Maaaring magrehistro dito ang mga farm owner, owner-tiller, grower, tenant/tenant worker at farm worker/laborer. ***(OCJ/PIA-MIMAROPA, Palawan)***

# BOC enhances personnel competence through WCO Asia/Pacific Online Regional Workshop

**AS** part of the continuous effort to develop personnel competence, Bureau of Customs (BOC) members of the National Customs Trade Facilitation (TF) Champions participated in the World Customs Organization (WCO) Asia/Pacific Online Regional Workshop on World Trade Organization Trade Facilitation Agreement (WTO TFA) from April 19 to 21, 2021.

The workshop aims to provide BOC personnel with updates on TFA-related matters under the WCO Mercator Programme, share national and regional experiences, key challenges faced, as well as applied methods for monitoring and evaluation of WTO TFA implementation. The workshop was made possible through the financial support of the Customs Cooperation Fund of Japan (CCF Japan) and organizational support of the WCO Regional Office for Capacity Building (ROCB) Asia-Pacific in Bangkok.

As one of the countries implementing the WCO Mercator Programme in the Asia-Pacific Region, BOC officers headed by Atty. Julito Doria, Acting Chief, Prosecution and Litigation Division, and Atty. Noemi Alcala-Garcia, Acting Chief, Planning and Policy Research Division, both members of the National Customs TF Champions, served as resource speakers on the implementation of the Multi-Year (MY) Mercator Programme in the Philippine Customs.

Among the topics tackled in the presentation of Atty. Doria were the WCO diagnostic mission in the Philippines, the recommendations from the said mission, and the actual implementation program of BOC. He also highlighted the support and assistance the Bureau has been receiving from the WCO in relation to the implementation of the Mercator Programme.

On the other hand, Atty. Alcala-Garcia discussed the development of the National Customs TF Champions composed of six (6) customs officials from the Internal Administration Group, Revenue Collection Monitoring Group, Assessment and Operations Coordinating Group, Post Clearance Audit Group, and the Port of Manila.

The WCO Asia/Pacific Online Regional Workshop was launched last November 2020 to complement activities currently being undertaken by the BOC through the WCO MY Mercator Programme operating model.

Additionally, the program aims to equip selected customs officials with enhanced knowledge, understanding, and practical multi-agency application perspective of current trade facilitation technical measures, particularly those associated with the WTO TFA in accordance with the Bureau's mandate to enhance trade facilitation. ***PR***

# Senior citizens na edad 75, makakatanggap na ng insentibong pinansiyal

**LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)** -- Ipinasa na kamakailan sa Sangguniang Panlalawigan ang Provincial Ordinace No. 122-2021 na kung saan inamyendahan nito ang edad ng mga senior citizens na simula 75 ay makakatanggap na ng insentibo na nagkakahalaga ng P1,500 at karagdagan sa bawat limang taon pagkatapos.

Ang bagong ordinansa na ipinasa sa lebel ng Sangguniang Panlalawigan, ay nag-aamyenda lamang sa edad at halaga ng insentibong pinansiyal na matatanggap ng mga kwalipikadong nakatatandang mamamayan sa ilalim ng naunang ordinansa, ang Provincial Ordinance No. 68-2017 na sinimulang ipatupad ng Pamahalaang Panlalawigan noong taong 2019.

Noong una itong ipinatupad, simulang makakatanggap ng insentibo ay mga senior citizen na may edad 85 at bawat limang taon pagkatapos. Ngayon, ang insentibo ay matatanggap na pagsapit ng mga edad na 75 at bawat limang taon pagkatapos.

Ayon sa ordinansa na iniakda ng tatlong Board Member na sina Bokal Edilberto Ilano, Jr., Bokal Rafael Infantado at Bokal Emmanuel Buenaventura, ang mga edad at insentibong matatanggap ay ang mga sumusunod: 75 taong gulang - P1,500, 80 - P2,000, 85 - P3,000, 90 - P5,000, 95 - P10,000, 100 - P100,000 na may kasamang plake at pagkilala at pag sapit ng ika-101 taon at bawat taon na dadaan ay makakatanggap ng P5,000.

Wala din aniyang mababago sa mga kwalipikasyon at rekisitos na kailangan na una nang nakasaad sa Provincial Ordinance No. 68-2017. Ang mga kwalipikado ay dapat ipinanganak sa Oriental Mindoro o kung hindi man ay dapat nanirahan sa loob ng 10 taon o higit pa.

Samantala sa mga rekisitos na kailangan ay una; dapat rehistrado sa Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) sa lugar na kanyang tinitirhan o munisipyo para sa kaukulang pagkilala at dokumentasyon. Pangalawa, mayroong katibayan ng kapanganakan o lugar kung saan naninirahan at pangatlo ay mamamayan ng Pilipinas.

Ang nasabing ordinansa ay alinsunod sa Section VI ng Provincial Ordinance No. 68-2017, na ang Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) ang nakatalaga sa epektibong implementasyon ng ordinansa, gayundin sa pagbabalangkas ng Implementing Rules and Regulations. ***(DPCN/PIA-OrMin)***

## Binigyang diin para sa Earth Day 2021...

# INISYATIBOPARA BAWASAN ANG BASURA

**Calamba City, Laguna - Ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON kaakibat ang Environmental Management Bureau (EMB) CALABARZON, ay magpapamigay ng 14 yunit ng vertical barrel garden sa EMB 4A, MGB 4A, at sa lahat ng Provincial Environment and Natural Resources Office sa Rehiyon. Ang inisyatibo na ito ay nakalinya sa selebrasyon ng Earth Day 2021 na ipinagdiriwang tuwing 22 Abril 2021. Ang buwan ng Abril ay kinikilala rin bilang Month of the Planet Earth.**

Layunin ng inisyatibo na ito ang magkakaroon ng kani-kaniyang barrel garden ang MGB 4A, EMB 4A, at ang PENR Offices ng DENR CALABARZON, para maitaas ang kaalaman ng bawat opisina sa paghihiwalay ng basura, pagkokompost, paghahalaman, at paggamit ng 3Rs. Layunin din nito na mabawasan ang basura na maaaring makapasok sa mga ilog na konektado sa Manila Bay.

Isa pang inisyatibo ng DENR CALABARZON ay pagsasagawa ng mga lektyur ukol sa Ecological Solid Waste Management of 2000 o ang RA 9003, sa pamamagitan ng Manila Bay Site Coordinating/ Management Office-4 (MBSCMO-4). Ang lektyur na ito ay dinaluhan ng lahat ng dibisyon sa loob ng DENR CALABARZON. Nilalayon ng inisyatibo na ito na maging "refresher course" sa lahat ng empleyado ng ahensya.

Dagdag pa rito ang patuloy na pangangalaga sa nature garden at ang pagtatayo ng Material Recovery Facility (MRF) sa ahensya.

Ayon sa datos ng EMB 4A, sa tulong ng pagkokompost at sa paghihiwalay ng basura, maaaring bumaba mula 4,700 tonelada ng basura ang naiipon sa rehiyon, hanggang 1,291.66 tonelada kada araw.

Hinihikayat ng DENR CALABARZON ang publiko na simulan na rin ang pagtatayo ng eco garden gamit ang mga patapong bagay at nabubulok na basura para sa ikagaganda ng kapaligiran. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa DENR CALABARZON ukol sa pagrequest ng seedlings. Para sa may mga sumbong ukol sa ilegal na gawain na may kaugnayan sa kalikasan ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369. Ang mga retrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ***PR***



*Vertical Barrel Garden sa EMB 4A*




*Wooden signages para sa Vertical Barrel Garden*




*DENR CALABARZON Nature Garden at MRF*

# HANEP
Basahin Mo Ito!

# KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



## 'Liliit ang mundo'

**NAGHAIN** si Cavite Rep. Elpidio Barzaga Jr. ng House Bill 9525.

Ang layunin nito ay para sa pag-aamyenda ng Republic Act 11525 o Covid-19 Vaccination Program Act of 2021.

Target sa panukala ni Barzaga na mandatory na ang pagsasagawa ng pagbabakuna sa lahat ng Pinoy laban sa COVID-19.

Ito ay dadaan sa masusing pag-aaral ng Department of Health at maaaring libreng ipagkaloob sa alin mang government hospital o health center.

Batay pa rin ito sa Republic Act 11525 gayunman dapat ay nakakatiyak na science at evidence based ang pagsasagawa ng bakuna.

Nagpalabas ng komento ang Palasyo na gumaganda na ang pagtataya ng publiko hinggil sa pagbabakuna.

Ibig sabihin ay nadadagdagan ang bilang ng mga kababayan nating nais magpabakuna na.

Iyon nga lamang ay hindi lahat ng Pinoy ay nais ang bakuna kaya isinulong ang panukalang ito.

Kapag nangyari ito ay obligado na ang bawat Pinoy para magpaturok ng vaccine.

Pero sabi nga in every rule there is an exemption.

Exempted sa naturang batas ang mga kababayan nating mayroong medical conditions.

Nasa gabay ito ng mga doktor na magtatakda kung pahihintulutan ba o hindi sa bakuna ang kanyang pasyente.

Kaya kung hindi exempted ay talagang tuturukan kasi nga ay mandatory na.

Kapag ayaw o hindi naman talaga gusto magpapabakuna ay tila 'liliit ang mundo' para sa iyo.

Kasi ay hindi na umano pahihintulutang makapunta at makapasok sa mga pampublikong lugar na pagmamay-ari ng gobyerno o maging ng pribadong sektor ang mga walang bakuna.

Anong say ninyo, liit mundo o bakuna? Saan ka?

## Ayaw sa maingay, handang makapatay

**NABUWISIT** sa maingay, ginilitan sa leeg ng isang bolo maker ang obrerong napadaan sa kanilang bahay sa Ternate, Cavite.

Sinusulat ito ay ginagamot sa San Lorenzo Hospital ang biktimang si Romeo Bangcaya , may-asawa, ng Crasher, Sapang 1, Ternate.

Arestado naman ang suspek na si Ronald Dulay, 32, ng Sapang 1, Ternate.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Gayyed Jr., ng Ternate Police Station, bago naganap ang insidente ay dumaan ang biktima kasama ang mga kaibigan sa harapan ng bahay ng suspek kung saan napiktyuran si Bangcaya na nag-iingay.

Ligid sa kaalaman ng biktima, pag-uwi nito dakong alas-11:30 kamakalawa ng gabi nang harangin siya ng suspek at walang sabi-sabing ginilitan ang leeg nito gamit ang isang matulis na bagay.

Isinugod ang biktima sa ospital habang ang suspek ay naaresto sa isinagawang follow up operation ng mga barangay tanod. ***GENE ADSUARA***